

Mobile na Paghuhugas ng Sasakyan

Ang **Programa ng Pangangalaga sa Watershed ng Lalawigan ng San Diego** ay sumusuporta sa mga pagsisikap ng mga negosyo para maiwasan ang polusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang Stormwater Best Management Practices (BMP) o mga Pinakamagandang Kaugalian sa Pamamahala ng Stormwater.

! Ang tubig na pinapakawala sa mga kalsada, gutter, at mga kanal sa Lalawigan ng San Diego ay **HINDI PA NALINIS** bago ito makarating sa ating mga lokal na sapa, ilog, at sa karagatan. Ang lahat ng pinagmumulan ng polusyon ay pinagbabawalang makaalis sa inyong pag-aari at mapunta sa mga kalsada o kanal. Tubig-ulan lang ang pinapayagan sa mga kalsada at mga kanal. **Ang mga tip na ito sa mga negosyong mobile na naghuhugas ng mga sasakyan ay makakatulong para panatilihin malinis ang ating mga daanan ng tubig.**

- ❑ Pansamantalang takpan ang mga kalapit na inlet ng kanal para maiwasan ang pagpasok ng tubig na pinanghugas sa kanal.
- ❑ Hugasan ang mga sasakyan sa lugar na nalalagusan ng tubig (landscape, lupa, atbp.)
- ❑ Kapag naghuhugas ng mga sasakyan kolektahin at ipunin ang lahat ng mga tubig na pinanghugas para itapon ayon sa mga naaangkop na batas at regulasyon o itapon ang tubig na pinanghugas sa nalalagusan tulad ng landscape.
- ❑ Magtipid ng tubig sa pamamagitan ng paggamit ng timba at hose na may saraduhang nozzle o gumamit ng mga tuyong paraan ng paglilinis tulad ng pagwawalis, pagpupunas, pagva-vacuum o pagkalaykay.
- ❑ Ipunin at pigilan ang pagkalat ng mga pag-agos na may mga kemikal na pang-alis ng grasa ng makina at iba pang katulad nito. Itapon batay sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon.
- ❑ Gumamit ng mga hindi nakakalason at hindi masyadong mapanganib na mga produktibo.
- ❑ Bawasan o tigilan ang paggamit ng sabon, pang-alis ng grasa, o iba pang panlinis na solusyon.
- ❑ Panatilihin ang mga materyal at kagamitang kailangan sa pagtugon sa tapon sa lahat ng sasakyan at sa sentrong lugar na madaling puntahan.

! Ang pagpapakawala ng mga dumi nang direkta o di-direkta sa loob ng kanal o daanan ng tubig ay isang paglabag sa Watershed Protection Ordinance (WPO) o Ordinansa sa Pangangalaga ng Watershed ng Lalawigan. **Obligadong sumunod ang negosyo ninyo sa WPO at sa mga sumusunod na pinakasimpleng BMP.**

maaari nating
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig

sa kaunting
hakbang lang.

salamat sa pagggawa
ng inyong bahagi para
pangalagaan ang ating
mga daanan ng tubig.



Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa Stormwater Hotline sa **(888) 846-0800** o bisitahin ang www.sandiegocounty.gov/stormwater para sa WPO.